

Chapter 13

Mga Dapat Tandaan

Marami tayong kailangang tandaan, mga dapat gawin at iwasan sa yugtong ito ng ating buhay marino upang matiyak ang ating tagumpay.

A. Sa Pagmamarino

Continuous investment in educational and training. Una rito ang pagpapatuloy ng ating professional growth kaya kailangan tayong mag-invest sa ating education at training para maghanda sa susunod nating career, anuman ito, puwedeng trabaho sa lupa o pagtuturo o pagnenegosyo.

Huwag pumatol sa fixers. Galit tayo sa korupsiyon o katiwalian sa pamahalaan halimbawa sa MARINA. Pero habang tinatangkilik natin ang serbisyo ng mga fixers hindi mawawala ang mga tiwaling kawani at opisyal ng pamahalaan.

Pekeng dokumento. Iba na ang panahon ngayon, kung dati nakakalusot ang mga peke o huwad na dokumento hindi na uubra ito ngayon. Marami ng paraan para matukoy ang pekeng certificate.

Kaya tigilan na ang pagpapagawa ng pekeng dokumento at baka makasuhan pa tayo. Tuluyan na tayong mawawalan ng pag-asang makasakay.

B. Sa Pananalapi

Mañana habit. Huwag tayong pabiktima sa maña habit o pagpapabukas ng mga maaaring gawin na ngayon. Halimbawa sa pag-iimpok, maraming oportunidad ang nakakalipas kapag hindi agad tayo nagsimulang mag-save.

Kung mayroon tayong naitatabing P1,000 lang bawat buwan lalago ito at aabot sa P167,500 sa loob ng 10 taon kapag naka time deposit. Sapat na itong pang down payment ng sasakyan!

Takot mabigo (Fear of failure). Natural lang na may mga sablay tayong decision lalo na sa pamumuhunan, pero kapag na monitor natin na mali ito sa pamamagitan ng ating PIES, agad natin itong maiwawasto.

Walang nagtagumpay na hindi nakaranas ng pagkabigo; kasama ito sa daraanan patungo sa tagumpay. Dapat lang na matuto tayo sa ating karanasan.

Katamaran. Kaugnay rin ito ng mañana habit o kaya iniaasa o ipinababahala natin sa iba ang dapat tayo ang gumagawa. Halimbawa, pangunahing gawain ng asawa natin ang pagbabadyet pero kailangan tayong lumahok para makita kung saan nagagastos ang ating kita.

Lalo na ang paggawa ng SAL at PIES, hindi natin puwedeng katamaran ang paggawa ng mga ito kung seryosong nais nating magtagumpay.

Magastos. Mabuting magpaalala muli sa ating spending habits. Iwasan ang impulse buying o pagbili ng bagay na mura, maganda, at matibay na gamit pero hindi naman pala kailangan.

Iisa pa, iiwasan din ang pagbili ng mga bagay dahil lang sa pagsunod sa uso na kapag wala na sa uso, nakakalat o nakatago na lang. Bilang gabay, laging itanong sa sarili: “need” ba ito o “wants”. Puwede bumili paminsan-minsan ng “wants” lalo na kung mula sa ating passive income ang pambili.

Iwasan din ang pagbili ng mga bagay na nagdi-depreciate ang value sa katagalan.

Labis na demand ng mga kamag-anak at kaibigan.

Napakaraming istorya ng mga marino na sapul nang magbarko ay inasahan na ng kanyang magulang na itaguyod ang pag-aaral ng mga kapatid. Dagdag pa ang kultura natin na kailangang tumulong sa ating pamilya na kung minsan kahit masakripisyo ang pangarap ng marami sa atin.

Ang masaklap kung hindi na kumikilos ang mga kaanak natin at nagpapasarap-sarap na lang habang umaasa sa atin nang lubos. Hindi na reasonable ito. Maaaring lagyan ng limitasyon ang pagtulong at ipaliwanag sa kanila na may mga priorities din tayo.

Iisa pa, marami sa kamag-anak at kaibigan natin ang umaasa ng pasalubong tuwing dadating tayo. Puwede naman iyon basta hindi magarbo ang ipamimigay nating pasalubong kasabay ng paliwanag na may pinag-iipunan tayo.

C. Sa Pamumuhunan

Pag-aralan ang mga desisyon sa pamumuhunan. Walang masama kung magtanong. Kung magsisimula nang mag-invest, anuman iyon, dapat nauunawaan natin ang risks at potensyal ng papasukin nating investment.

Huwag basta-basta magbibitaw ng pera para sa anumang negosyo nang hindi matamang pinag-aaralan ito.

Huwag magpaloko sa mga scams. Maging mapagbantay sa mga easy-to -get-rich schemes na inaalok sa atin ng mga ibang tao kahit pa kaibigan o kamag-anak.